# SAN ISIDRO ELEMENTARY SCHOOL
**Kaputian District, IGaCoS**

## IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT
## EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 4

**Pangalan: _____________________________________________ Iskor: __________**

**A.Panuto: Lagyan ng tsek ( / ) ang pinaniniwalaang pahayag at ekis (x) kung hindi**.

_______1. Humihingi ako ng tawad kapag nagkakamali ako.

_______2. Nakagagawa ako ng pagkakamali sa aking kapuwa kahit hindi ko sinasadya.

_______3. Nagpapatawad ako sa taong nagkasala sa akin.

_______4. Ginagamit ko ang salitang sorry nang bukal sa aking kalooban.

_______5. Inaayos ko agad ang tampuhan naming magkaibigan.

_______6.May mga birong nakasasakit ng damdamin kahit hindi sinasadya ng nagbibiro.

_______7.Nasasaktan ang taong binibiro sapagkat sila ay pikon.

_______8.Dapat piliin ang mga salitang ginagamit sa pagbibiro.

_______9.Lahat ng napapanood natin sa telebisyon at naririnig na mga katatawanan sa radyo ay dapat gayahin.

_______10.Maaari tayong makapagpasaya ng ating kapuwa sa pamamagitan ng mga salitang ating ginagamit.

**B. Anong gagawin sa mga sumusunod na sitwasyon? Piliin ang titik ng tamang sagot.**

11.Pangarap mong maging modelo sa iyong paglaki kung kaya't sumasali ka sa mga paligsahan sa inyong paaralan at komunidad. Gayon pa man, madalas mong marinig na may pumipintas sa iyo. Ano ang iyong gagawin?
A. Tanggapin ko nang maluwag sa aking kalooban ang mga pintas nila at pagbutihin ko ang aking ginagawa.
B. Hindi o sila papansinin.
C. Aawayin ko sila.
D. Pipintasan ko rin sila.

12.May bago kang kaklase galing sa malayong probinsiya. Nalaman mong pinipintasan ito ng mga kaklase mo. Ano ang sasabihin mo sa kanila?
A. Pagsasabihan o ang aking mga kaklase na huwag siyang pintasan.
B. Gagayahin ko rin ang aking mga kaklase.
C. Hindi o sila papansinin.
D. Wala akong pakialam.

13.Pinuna ka ng iyong guro dahil nakikipagdaldalan ka sa iyong kaklase. Paano mo ito tatanggapin?
A. Hihingi ako ng sorry sa aking guro.
B. Ipagpatuloy ko parin ang aking ginagawa.
C. Sisimangutan ko ang aking guro.
D. Hindi ko siya papansinin.

14.Madalas kang kumanta sapagkat hilig mo rin ito. Sinigawan ka ng inyong kapitbahay. Hindi raw maganda ang boses mo. Ano ang iyong gagawin?
A. Hindi ko sila papansinin.
B. Mas lalo kong pagbubutihin ang aking pagkanta.
C. Aawayin ko sila.

D. Wala akong pakialam.

15.Binabatikos ka dahil sa isang pagkakamaling nagawa mo. Paano mo haharapin ang mga pumupuna sa iyo?
A. Kakausapin ko siya nang mahinahon at humingi ng sorry sa pagkakamaling ginawa.
B. Hahamunin ko siya ng away.
C. Babatikusin ko rin siya.
D. Hindi ko na lang siya papansinin.

16. May nakita kang umiiyak na bata kasi siya ay nawawala. Ano ang maaari mong maitulong sa kanya **maliban sa isa**?
A. Dadalhin ko siya sa barangay para matulungan siya.
B. Tatanungin ko siya kung ano ang pangalan niya at kung saan siya nakatira.
C. Hindi ko siya papansinin.
D. Tutulungan ko siyang makabalik siya sa kanyang pamilya.

17. Napansin mong nasa sulok at malungkot ang iyong kaklase. Ano ang puwede mong gawin?
A. Pagtatawanan ko siya.
B. Hindi ko na lang siya papansinin.
C. Sasabihan ko lang ang isa kong kaklase na malungkot siya.
D. Lalapitan o siya at dadamayan ko siya kung bakit siya malungkot.

18. May mga batang marurumi at namumulot ng basura na pakalat-kalat sa kalsada. Ano ang iyong gagawin?
A. Bibigyan ko sila ng pagkain.
C. Wala akong pakialam ssa kanila.
B. Ipagtatabuyan ko sila.
D. Babatuhin ko sila.

19. Binagyo ang lugar ni Jose na iyong kaibigan. Halos naanod lahat ang mga kagamitan niya sa pag-aaral. Ano ang maaari mong maitulong **maliban sa isa**?
A. Bibigyan ko siya ng mga luma kong kagamitan sa pag-aaral na puwede pang gamitin.
B. Hihikayatin ko ang iba ko pang kaibigan at kaklase na magbigay ng tulong sa kanya.
C. Damayan siya sa nagyaring kalamidad sa kanila.
D. Hindi na lang ako makikialam.

20. Malungkot ang iyong kamag-aral na si Mico. Napagalitan siya ng kanyang magulang sapagkat bumaba ang kaniyang marka. Kasama siya dati sa mga nangunguna sa klase subalit dahil sa pagbaba ng kaniyang marka ay hindi na siya nakasama.Ano ang maaari ong sabihin kay Mico?
A. Hayaan mo na Mico. Wala namang silbi yan.
B. Bumawi ka na lang sa susunod Mico.
C. Hayaan mo na yan Mico, maglaro na lang tayo.
D. Huwag mo na lang pansinin yan Mico.

**C. Basahin ang sitwasyon at sabihin kung anong damdamin mayroon sa sumusunod na uri ng pagbibigay: Piliin ang titik ng tamang sagot sa ibaba.**

A. Napipilitan lamang magbigay
D. Nagbigay dahil nasa batas ng kanilang samahan
B. Nagbigay nang bukal sa kalooban
E. Nagbigay dahil hindi na niya kailangan ang ipinamigay
C. Nakikigaya sa ibang mga nagbibigay

_______21.May dumating na donasyon galing sa bansang Japan para sa mga biktima ng lindol. Ang nais ng mga Hapones ay sila ang mag-aabot sa mga biktima sapagkat may listahan sila ng bilang at pangalan ng mga bibigyan.

_______22.Isang grupo ng mga kabataan ang nangalap ng pagkain, gamot, damit, at higaan para sa mga biktima. Nagpunta sila sa *evacuation center* upang makausap ang mga inilikas na biktima. Nararamdaman nila ang pagdurusa ng mga bata kaya't magkakaroon pa sila ng susunod na pagdalaw sa mga ito.

_______23.Nakita ng mayaman mong kapitbahay na marami ang nagdadala ng *relief goods* sa *covered court* ng barangay. May inilikas na mga nasunugan at walang nailigtas na gamit ang mga ito.

Inutusan niya ang kaniyang kasambahay na ilabas ang mga damit na hindi na nasusuot at ang mga de-latang malapit nang masira.

_______24.Nagbigay ng isang sakong bigas ang pamilya ni Mang Oca sa mga biktima ng bagyo. Nalaman ito ng kanilang kapitbahay kaya nagpadala rin sila ng dalawang sakong bigas at mga damit.

_______25.Ang pag-aaral mo at ng iba mo pang kaklase ay sinusuportahan ng isang samahang nagkakawanggawa sa mga mahihirap na may kasipagan at kakayahang mag-aral. Ipinadadala sa inyong paaralan ng samahang ito ang mga kailangan ninyo sa pag-aaral.

**Lagyan ng tsek (/) kung ito ay naranasan mo nang gawin at ekis (x) kung ito ay hindi pa naranasang gawin.**

______26. Inaaliw ang mga may sakit nang hindi inaabala ang kanilang pagpapahinga.

______27. Iniiwasan ang pamamasyal sa bahay ng kaibigan sa oras ng kanilang pamamahinga.

______28. Hinihintay na matapos ang pagpapahinga ng kapatid bago magpatugtog ng paboritong maiingay na musika.

______29. Iniiwasan ang pangungulit sa taong maysakit.

______30. Iniiwasan ko na makipag-usap sa aking katabi kapag nagsisimba.

______31. Iniiwasan kong makagawwa ng ingay na makagagambala sa taong nagtatalumpati sa harap.

______32. Ibinabalik ko nang tahimik ang gamit na aking hiniram lalo na kapag nag-aaral ang may-ari nito.

**Isulat ang ☆ kung nagpapakita ng paggalang sa pasilidad ng komunidad at naman kung hindi.**

________________33. Maingat kong ginagamit ang palikuran ngaming silid-aralan.

________________34. Sinusulatan ko ang mga pader sa paaralan.

________________35. Isinasalansan ko sa tamang lalagyan ang mga aklat sa silid-aklatan.

________________36. Iniwan kong madumi ang *gymnasium* matapos ko itong gamitin sa paglalaro.

**Ipaliwanag kung paano mo mapapanatiling malinis at kaaya-aya ang kapaligiran mo sa loob ng 4 pangungusap.(37-40)**

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________.

San Isidro Elementary School
Kaputian District, IGaCoS

**TALAAN NG ISPESIPIKASYON**
**IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT**
**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 4**

| **Mga Kasanayan** | BILANG NG ARAW | BAHAGDAN NG PANAHON | BILANG NG AYTEM | KAALAMAN | PANG-UNAWA | PAGSUSURI | PAGLALAPAT | PAGPAPAHALAGA | PAGBUBUO | KABUUAN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 60% (Easy) | | 30% (Average) | | 10% (Difficult) | | |
| 1.Naisasagawa nang mapanuri ang tunay na kahulugan ng pakikipag-kapuwa | 5 | 12.5 % | 5 | | 1-5 | | | | | 5 |
| 2. Nakapagpapakita ng pagkamahinahon sa damdamin at kilos ng kapuwa tulad ng pagtanggap ng puna ng kapuwa nang maluwag sa kalooban | 5 | 12.5 % | 5 | | 6-10 | | | | | 5 |
| 3. Pagpili ng mga salitang di nakasasakit ng damdamin sa pagbibiro | 5 | 12.5 % | 5 | | | | 11-15 | | | 5 |
| 4. Nakapagbabahagi ng sariling karanasan o makabuluhang pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/pangangailangan ng kapuwa | 5 | 12.5 % | 5 | | 16-20 | | | | | 5 |
| 5. Naisabubuhay ang pagiging bukas-palad para sa mga nangangailangan at sa panahon ng kalamidad | 5 | 12.5 % | 5 | 21-25 | | | | | | 5 |
| 6. Nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa oras ng pagpapahinga at sa may sakit (maaaring idagdag ang iba pang karapatang pantao) | 3 | 7.5% | 3 | | | 26-28 | | | | 3 |
| 7. Nakapagpapakita ng paggalang kapag may nag-aaral, at pakikinig kapag may nagsasalita/ nagpapaliwanag | 4 | 10% | 4 | | 29-32 | | | | | 4 |
| 8. Nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa pamamagitan ng paggamit ng pasilidad ng paaralan nang may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa. | 4 | 10% | 4 | | | | 33-36 | | | 4 |
| 9.Pagpapanatili ng tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran bilang paraan ng pakikipagkapuwa-tao. | 4 | 10% | 4 | | | | | | 37-40 | 4 |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| TOTAL | 40 | 100 % | 40 | 24 | 12 | 4 | 40 |

Prepared by:

JEAN B. ALCANTARA
Teacher I

Noted by:

MARILYN E. PROSIA
Head Teacher I